

ANG DIYOS SA PANAHO NG KAHIRAPAN

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder
Hulyo 22, 2023

Kasama sa mga kahirapan ang lahat ng uri ng pagsubok, mga hadlang sa ating maayos na paglalakbay sa buhay. Kapag dumaranas tayo ng hirap, kapag tayo ay nababalot ng takot at kawalan ng pag-asa, humihingi agad tayo ng lunas at agarang tugon. Nais lagi ng Diyos na maging matagumpay tayo at malampasan natin ang mga kahirapan sa buhay. Ang Kanyang plano ay upang tayo ay paunlarin at hindi para tayo ay saktan; sa halip, nais Niyang bigyan tayo ng pag-asa at magandang kinabukasan (Jer.29:11).

Mga Dapat Tandaan sa Panahon ng Kahirapan.

1) Tumutok sa KAHARIAN NG DIYOS nang higit pa sa mga pangyayari. Ang Diyos ay mas dakila kaysa sa ating iniisip.

1.1. Ang Diyos ay **PINAKADAKILA**. Ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Kanya (Jer.32:17).

1.2. Ang Diyos ay **MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT**. Nilikha Niya ang sansinukob mula sa wala. Sabi Niya, "Huwag kang matakot, sapagkat tinubos kita (Isa.43:1).

1.3 Ang Diyos ay **NAKA-AALAM NG LAHAT**. Siya ay isang Diyos na nakakikilala sa lahat ng nasa itaas at higit sa lahat ng Kanyang mga nilikha. Alam Niya ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap.

1.4. Ang Diyos ay **NASA LAHAT NG DAKO**. Siya ay patuloy na umiiral at naroon sa lahat ng dako. Mahal tayo ng Diyos higit pa sa ating kaalaman. Siya ay tapat at tumutupad sa Kanyang mga pangako (Jer.31:3; Heb.10:23). Kung tayo ay may sakit, ibinabalik Niya ang ating kalusugan (Jer 30:17; Ex.15:26). Kung tayo ay sawi, pinagagaling Niya ang ating mga sugat (Awit 147:3).

2) Tumutok sa KATOTOHANAN NG DIYOS, sa halip na sa ating sariling paraan. Ang Diyos ay maaasahan.

2.1. Nalulugod ang Diyos kapag nagtitiwala tayo sa Kanya, kapag umaasa tayo sa Kanyang katapatan. Ginagantimpalaan Niya ang mga naghahanap sa Kanya (Heb.11:5&6).

2.2. Hindi nais ng Diyos na tayo ay mag-isa kapag

tayo ay may mga problema. Nananatili Siya sa atin sa bawat minuto ng ating paglalakbay.

2.3. Magtiwala sa Diyos. Hindi Niya tayo pababayaang. Kapag nawawalan na tayo ng pag-asa, manalig tayo sa Kanya. Binibigyan Niya tayo ng pagmamahal, lakas at tibay ng loob. Hinding-hindi Niya tayo pababayaang (Deut.31:8).

3) Tumutok sa MGA PAGPAPALA SA NGAYON sa halip na bukas. Pinagpala tayo ng Diyos ngayon.

3.1. Tinuturuan tayo ng Diyos na manalangin sa "Ama Namin" upang paalalahanan tayo na huwag mag-alala tungkol sa ating buhay (Mt.6:25-27).

3.2. Ang pagsasaya ay nagpapahaba ng ating buhay. Ang paninibugho at galit ay nagpapaikli sa ating buhay at ang pagkabalisa ay nagdudulot ng maagang pagtanda (Sir.30:22-24).

4) Tumutok sa SUSUNOD NA HAKBANG, sa halip na subukang hulaan ang hinaharap. Ang Diyos ang gumagabay sa ating mga hakbang. Lumakad nang may pananampalataya patungo sa direksiyong itinuturo ng Diyos (Prov.16:9).

5) Tumutok sa SUPERNATURAL NA PRESENSIYA ng DIYOS kaysa sa kahirapan. Nag-aalok ang Diyos ng supernatural na kapangyarihan. Binigyan Niya tayo ng awtoridad na puksain ang kapangyarihan ng mga kaaway (Lk.10:19).

Konklusyon:

Upang malampasan ang mga paghihirap sa buhay, magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Diyos, makipag-usap tayo sa Kanya araw-araw. Ito ay nagpapahintulot sa Banal na Espiritu na bigyan tayo ng kapangyarihan, karunungan, at mga mapagkukunan. Mamuhay tayo ayon sa paraan ng Diyos. Sa pag-angkin ng Kanyang mga pangako, mararanasan natin na tunay ang Diyos. Isuko natin ang ating kalooban sa Kanyang kalooban.

Pagninilay:

1. Anong mga paghihirap sa buhay ang iyong nararanasan sa ngayon?

2. Anong mga aksyon ang gagawin mo para malampasan ang iyong mga paghihirap?

Nagsalin sa Filipino: Sis May Barcita

Na-edit ni: Sis Nida A. Cruz

Para sa higit pang mga pagtuturo, bisitahin ang aming website: <https://lordsflock.org/teachings/digests>

Tags: #Kahirapan, #Pagasa, #PangakongDiyos